# Salaysay ni Bb. Honeylyn Gonzales

**Honeylyn A. Gonzales, 25 taong gulang, residente ng Purok 6 Legarda Dos, Dinas, Zamboanga del Sur**

*(Ang Salaysay ni Bb. Honeylyn A. Gonzales ay inilahad kina Atty. Hasminah D. Paudac at Mohamad Rayyan M. Domado sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Ito ay nangyari noong ika-14 ng Nobyembre 2018 sa loob ng opisina ng Greenpeace Southeast Asia – Philippines, JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Brgy. Laging Handa, Quezon City.)*

**Q1: Maaari mo ba kaming bigyan ng maikling personal na impormasyon?**

A1: Ako si Honeylyn Gonzales, 25 taong gulang at ipinanganak at lumaki sa Brgy. Santiago, Iligan City. Ako ay isang ina at kasalukuyang 1st year *college student* na kumukuha ng kursong *Bachelor of Science in Education* sa J.H. Cerilles State College.

Bago kami sinalanta ng bagyong Sendong[1] noong *December* 2011 at naisali sa *missing* o mga nawawalang tao ang mga magulang ko, ang tatay ko ay isang barber at ang nanay ko ay isang *housewife*. Ako po ay pangatlo sa limang magkakapatid. Bago pa man nangyari ang bagyong Sendong, ako ay pansamanatalang tumigil sa pag-aaral dahil kapos at ako po ay nagtrabaho upang maka-ipon sa susunod na pasukan. Ako ay namasukan bilang *sales lady* sa isang *mall* sa Iligan. Kami ay nakatira sa isang maliit na barangay ng Iligan; malapit sa *smokey mountain* at medyo malapit na rin sa ilog.

**Q2: Gaano kayo kalayo sa ilog?**

A2: Hindi sobrang lapit, mga *five (5)-minute walk* po.

**Q3: Sa iyong pagkakaalala, ano ang una mong karanasan sa matinding bagyo?**

A3: Ang naalala ko na tumamang malakas na bagyo ay noong 2009, kasi kalilibing pa ng lolo ko. Naalala ko na hanggang tuhod iyong tubig sa bahay namin. *First time* ko ring makita ang bahay namin na binahaan sa loob. *First time* na nawalan kami ng tubig. Kaya gumawa sila ng balon para magkaroon kami ng tubig pang-inom.

**Q4: Maaari mo bang ilahad ang mga kaganapan bago sumalanta ang bagyong Sendong?**

A4: December 2011 iyon. Alalang-alala ko na *non-stop* ang ulan nang alas-siyete ng gabi. Hindi naman ito malakas pero umuulan talaga ng ilang oras, tuluy-tuloy. Kumpleto po kami sa bahay sa mga oras na iyan.

[1] Internationally known as Tropical Storm Washi

Nagtatawanan at nagbibiruan pa nga kami. Hindi ko aakalaing iyon na pala ang huling tawa na maririnig at makikita ko sa bahay namin.

**Q5: Ano ang nangyari noong mismong humagupit ang bagyong Sendong?**

A5: Noong alas-diyes ng gabi, nagsimula nang umapaw ang baha sa bahay namin. Ginising ako ng mga kuya ko para magligpit ng mga gamit. Noong tumataas ang baha, naisipan naming pansamantalang lumipat sa mataas na bahay. Kami munang mga bata ang nailipat ng kuya ko kasama ang dalawang *minor* na kapatid ko. Lahat sila *below 10 years old* sa mga panahong iyon. Dapat kasi *batch-by-batch* ang paglipat namin kasi lahat po PWD[2] at *senior* ang mga magulang ko. Tanging dalawang kuya ko ang nag-a-*assist* lang.

Paglabas namin ng bahay, hanggang paa pa ang tubig. Habang naglalakad kami, unti-unting umaakyat ang tubig sa tuhod hanggang sa dibdib. Ganoon talaga kabilis ang pagbagsak ng tubig-baha.

Bandang 1:00 na ng hating-gabi, nagsimula na ang napakalakas na ulan at mataas na baha. Sobrang malakas na ang agos. Kung i-*estimate* ko, lagpas *2nd floor* ng bahay namin. Kinumusta kami ng Kuya ko sa kapitbahay naming kung saan kasama rin naming nag-*transfer* doon sa bahay. Noong umaakyat na ang baha, hindi ko na maiwasang mangumusta sa kanila. Pinakumusta ko sila sa kapitbahay ko kaso hindi sila nagre-*reply*. Nagtataka ako paano nila naiakyat ang mga magulang ko kasi nga lahat po sila may kapansanan. Doon na sila nasama sa baha.

**Q6: Paano sila nasama sa baha?**

A6: May nakapagsabi sa amin na naisama sa baha ang bahay namin simula noong tamaan ito ng malalaking troso galing sa bundok. Siguro iyon ang rason na naanod sa tubig ang pamilya ko. Maaari ring tinamaan sila mismo ng troso habang naaanod sa tubig.

**Q7: Noong umaga pagkatapos ng insidenteng iyon, ano ang nangyari sa inyo ng mga kapatid mo?**

A7: Pagkaumaga, naglabasan na kami ng bahay kung saan kami tumuloy ng mga kapatid kong maliliit. May mga nadadaanan kaming mga bangkay. Hinanap ko mga magulang ko at mga kuya ko pero hindi ko sila makita-kita. Nagtanong ako sa kakilalang *rescuer*. Pero, *negative* ang *feedback* nila. Sabi sa amin ng kapitbahay naming na kakalabas ng ospital, siya kunumpirma na nasama ang pamilya ko sa pagbagsak ng bahay na pinapatungan nila

**Q8: Nakita mo ba ang mga bangkay ng nawawala mong kapamilya?**

A8: Wala po. Ni-isa sa katawan nila hindi namin nakita. Kabilang sila sa maraming taong nabalitang nawawala o *missing.*

[2] People with disability

**Q9: Bago humagupit ang bagyong Sendong, anong impormasyon, kung mayroon man, ang inyong natanggap?**

A9: Nabalitaan namin na may paparating na bagyo, pero hindi naman napaintindi sa amin o hindi namin inakala na malakas pala iyon at makakapinsala. Sanay na kami na kapag may bagyo, ulan lang ang epekto nito. Bumaha lang talaga kasi umuulan ng matagal, mula araw hanggang gabi. Sa pagkakatanda ko tuloy-tuloy ang ulan na dala ng Sendong. Malakas ang hagupit ng hangin kaya maraming malalaking torso galing sa bukid ang naanod. Sabi nga nila may pitong buhawi daw ang dala ng Sendong.

**Q10: Nasabi mong naanod ang bahay niyo na maaaring kasama ang iyong mga magulang at kapatid. Saan kayo tumuloy ng mga kapatid mo sa mga oras na iyon?**

A10: Sa simbahan po kami nakituloy. Doon na rin kami nag-pasko at nag-bagong taon. Dahil naulila na po kami noon, pagkatapos sa simbahan, palipat-lipat na kami ng bahay.

Una, nakitira kami sa nirentahang bahay ng tito ko. Isinama kami ng mga kapatid kong maliliit. Pagkatapos, nakitira kami ulit sa bahay ng isa pa naming tito. Tapos, doon na po sa *Tent City* kung tawagin. Pang-apat, nag-*rent* kami ng isang *boarding house.* Panglima, nag-*rent* ulit ng bahay sa *Amakan.* Tapos, doon na po sa isang *boarding house* ulit. Ganoon po ang naging buhay namin. Walang permanenteng tirahan.

**Q11: Saan kayo nakakuha ng pera para may pang-upa sa bahay?**

A11: Nagtatrabaho ako noon sa Jollibee iyon ang pamabayad ko sa upa ng bahay.

**Q12: Noong mga panahon na iyon, mga labing-walong taong gulang ka pa lang, sino ang sumuporta at gumagabay sayo at mga kapatid mong menor de edad?**

A12: Iyong isang kapatid ng papa ko paminsan-minsan binibigyan niya kami ng pera. Pero kami lang talagang tatlo ang palaging magkasama sa iisang bahay.

**Q13: Paano ang pagkain at mga pangangailangan ninyo?**

A13: Noong sa *Tent City* pa kami, iyong mga donasyong bigas at pagkain o pera ang ginagamit namin sa pang araw-araw na pagkain. At noong nakapagtrabaho na ako, ang suweldo ko ang ginamit ko pambili ng pagkain namin at kung hindi po kasya ay uutang ako.

**Q14: May mga tulong ba kayong natanggap?**

A14: May mga *relief goods* na natatanggap noong nasa *Tent City* kami. May natanggap din kaming donasyon na PhP 50,000.00 galing sa kompanya na pinagtatrabahuan ng kuya ko. Sinasabi nilang i-*deposit* ko sa bangko pero hindi ko ginawa kasi ginastos na lang namin sa pang-araw-araw na pangangailangan namin. Binili ko ng mga damit ng mga kapatid ko at pinalaro ko roon sa pinaglalaruan ng mga bata sa *mall*. Gusto ko

kasing mapasaya talaga sila at hindi nila maramdaman ang hirap ng buhay namin.

**Q15: Bakit pala kayo umalis sa Tent City at minabuting umupa sa isang *boarding house*?**

A15: Hindi panatag loob ko sa *Tent City*. Pakiramdam ko hindi kami *safe* na magkakapatid doon. Madilim ang lugar papunta roon. Medyo napo-*phobia* pa ako na baka kung magkabagyo ulit, mababaha na naman kami.

**Q16: Ano ang mga personal na epekto sa iyo ng iyong karanasan sa bagyong Sendong?**

A16: Napakahirap at napakasakit ang naranasan naming magkakapatid kasi bata pa kami noon. Bigla kaming naulila at nawalan pa ng nakakatandang mga kapatid na dapat gumabay sa amin. Naging biglaan ang pangayayari sa buhay namin. Naging biglaan ang *maturity* ng buhay ko kasi ginagampanan ko ang tatlong *roles* o responsibilidad para sa mga kapatid ko. Sa murang edad, ako ang naging nanay, tatay, at ate sa kanila. Hindi ko inaakalang magiging *provider* ako sa kanila. Hindi na natuloy yung inaasam ko noon na mag-iipon lang para may pang *tuition* sa susunod na taon. Imbes na pag-aaral ang inaatupag ko, napilitan ako lalong kumayod para mabuhay kaming magkakapatid. Namasukan ako sa Jollibee sa Gaisano. Ang suweldo ko ay ginamit ko pambili ng *school supplies* at baon ng mga kapatid ko. Wala namang *tuition fee* kasi sa *public school* ko sila inenrol pero ang mabigat ay iyong pang-araw araw na tustusin.

**Q17: Hindi mo na rin ba naituloy ay iyong pag-aaral?**

A17: Ngayon lang po, pagkatapos ng halos pitong (7) taon. Ngayong taon lang ako naka-enrol dito sa Zamboanga del Sur.

**Q18: Ano naman naging epekto ng pangyayaring ito sa iyong mga nakababatang kapatid?**

A18: Bukod sa *trauma*, *psychological* po ang una kong napansin. Nakita ko iyong inggit o *jealousy* po sa kanila. Nararamdaman ko minsan ang pagkainggit nila sa mga kaklase nila kasi may mga magulang sila. Kapag may *meeting*, walang mga magulang na uma-attend para sa kanila kaya ako na lang. Pero, masaya rin ako minsan kasi kapag *Mothers' Day* ay nakakatanggap ako ng pasasalamat sa mga kapatid ko.

**Q19: Bukod dito, ano pa ang naging epekto sa iyo at sa iyong mga kapatid?**

A19: May takot na kami lalong-lalo na kapag malakas ang ulan kasi iyong nasa isip namin ay baka babaha ulit. At saka iyong palipat-lipat kami ng tirahan walang permanenteng tirahan, napakahirap.

**Q20: Kumusta ang buhay ninyong magkakapatid ngayon pagkalipas ng pitong (7) taon?**

A20: Hindi ko masasabing maginhawa na ang buhay namin. Hanggang ngayon hindi namin makalimutan ang mga pinagdaanan namin. Hindi ko masyadong maibigay ang mga pangangailangan ng mga kapatid ko kasi may mga bayaran sa eskwelahan na minsan hindi ko nababayaran.

**Q21: Masasabi mo bang naka-*fully recover* na kayo?**

A21: Hindi ko masasabing *fully-recovered* na kami kasi kapag pinag-uusapan ang mga pangyayari, nalulungkot at umiiyak pa rin kami. Kahit pitong (7) taon ang nakalilipas, hindi namin magawang makalimutan ang aming napagdaanan. Kapag may malakas na ulan ay may takot pa rin kami.

**Q22: Handa ka bang panumpaan ang Salaysay mong ito kung kinakailangan?**

A22: Opo.

**Honeylyn A. Gonzales**
Ika-29 ng Nobyembre 2018